`

# ALAB SA PAGLILINGKOD

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Rev. Fr. Joselito Buenafe

Marso 4, 2023

Ano ang paglilingkod? Ang pinakadiwa ng paglilingkod ay pagtanggi sa ating sarili, pagpasan sa ating krus at pagsunod kay Hesus. Siya ay naparito hindi para paglingkuran, kundi maglingkod. Mahal tayo ni Hesus at hindi Niya tayo inutusang paglingkuran Siya. (Mk. 8:34-38). May kalayaan tayong magsabi ng oo o hindi, dahil ang pag-ibig ay walang bayad. Ang tunay na paglilingkod ay pagtanggi sa sarili. Sa halip, ang kagustuhan ng Diyos ang masusunod. Upang muling mag-alab ang ating puso sa paglilingkod, ialay natin ang ating sarili sa taos-pusong paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.

**Ano ang dapat tandaan kung muling buhayin ang alab ng paglilingkod?**

**1. Ang Katapatan ni Hesus**

1.1 Walang maling pagpapanggap. Noong sinabi Niya: "Halika, sumunod ka sa akin," Hindi Siya nag-alok ng madaling buhay. Alam Niya na magiging mahirap ang buhay: buhay ng pagsuko, pagdurusa, at pagbibigay. Katulad nito, gusto Niya tayong hamunin, maging dakila at magningning bilang anak ng Diyos.

1.2 Kailangan ding manatiling mapag-bantay at manalangin nang taimtim dahil hindi natutuwa ang demonyo kapag tayo ay sumusunod kay Hesus. Takot ang diyablo sa anak ng Diyos.

1.3 Dapat manatili tayong walang bakas ng kasalanan upang hindi tayo malapitan ng diyablo. Sa madalas na pangungumpisal, sumusuko tayo sa Diyos at nalilinis ang ating kaluluwa.

1.4 Tinukso rin si Hesus, ngunit nasabi Niyang: "Lumayo ka satanas. Hadlang ka sa aking landas" Natalo Niya si satanas dahil sa Kanyang Salita. Sandata natin ang Salita ng Diyos. Samakatuwid, huwag huminto sa pananalangin at pag-aaral sa Salita ng Diyos at isabuhay ito.

**2. Dapat limutin ang sarili.**

2.1 Ang paglimot sa sarili ay paglimot na ikaw ay nabubuhay sa mundong ito. Taliwas ito sa pagtrato sa ating sarili bilang pinakamahalagang bagay sa mundo (*deserve* natin ng komportableng buhay). Dapat nating limutin ang ating sarili kahit alam natin na kayang-kaya nating bayaran ang isang bagay. Sa bawat sandali ng ating buhay, dapat tayong magsabi ng "oo" sa Diyos.

2.2 Ang paglimot sa sarili ay pagsuko sa isang bagay. Sa panahon ng kuwaresma, ang ating oras ay dapat italaga sa Diyos, sa pamamagitan ng paglilingkod at pagsasakripisyo. Tuwing sumusuko tayo sa Diyos, pumapasok tayo sa masaganang awa ng Diyos sa mas malalim na antas.

**3. Dapat pasanin natin ang Kanyang Krus**. Ang Krus ay hindi pabigat. Niyakap ni Hesus ang Krus. Tayo ang Kanyang Krus at hindi kailan man naging pabigat tayo sa Kanya. Katulad nito, dapat nating tingnan ang krus bilang isang pagkakataon makatanggap ng biyaya.

**4. Dapat sumunod tayo sa Kanya**. May misyong ibinigay sa atin. Para maging ganap ang pagsunod kay Hesus, hindi Niya tayo tinawag upang masira, kundi magkaroon ng buhay na maluwalhati.

5. **Dapat magbigay tayo ng buhay.** "Ang paghahanap ng buhay ay pagkawala ng buhay" ay isang kabalintunaan/kabaligtaran. Kung maibibigay natin ang buhay sa maraming paraan sa pamamagitan ng pagtupad sa misyon ng Diyos, magkakaroon tayo ng isang mabungang komunidad.

**Konklusyon**: Ating pag-alabin ang apoy ng paglilingkod. Kung nananatili tayo sa bahay at di pumupunta sa simbahan o sa LF, tayo'y tamad at nananatili lamang sa ating *comfort zone*. Kailangan maglingkod sa kapwa. Lumago sa paglilingkod sa kapwa at sa pag-ibig.

**Pagninilay:**

1) Bakit gusto mong maglingkod? Ano ang hangad ng iyong puso kung ika'y naglilingkod?

2) Isinasabuhay mo ba ang Salita ng Diyos?

3) Alipin ka ba ng mga makabagong *gadget*, paraan ng diyablo upang kunin ang iyong oras at mailayo sa Panginoon?

Isinalin Ni: Sis. Thess P.Sarmiento
Na-edit ni :Sis Nida A. Cruz
Inaprubahan ni : Sis Vera Tuplano
For more Teachings, visit our
https://lordsflock.org/teachings/Digest